



Content tungkol sa booster



Mga booster: Ano ito?

Ang booster ay isang ekstrang dosis ng bakuna. Nakakatulong itong palakasin ang depensa ng iyong katawan at patagalin ang proteksyon laban sa mga seryosong anyo ng COVID-19.

Mga booster: Kung mayroon ako ng 2 dosis at nahawahan na ng COVID-19, kailangan ko pa rin ba ng booster?

Oo. Nagbibigay ng ilang proteksyon ang pagkakahawa, pero nakakatulong ang pagpapabakuna na palakasin ang depensa ng katawan at nagbibigay ng mas mahusay at mas matagal na proteksyon.

Inirerekomenda ng National Advisory Committee on Immunization na magkaroon ka ng isang booster 3 buwan matapos mong mahawahan ng COVID-19 o kahit man lang 6 na buwan pagkatapos ng huli mong dosis.

Hindi intensyon ng content na ito na maging pamalit para sa propesyonal na payo o pangangalaga. Palaging maghanap ng mga serbisyo ng isang medikal na propesyonal o iba pang kwalipikadong tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan para sa mga tanong na posibleng mayroon ka.



Financial contribution from
Avec le financement de

Public Health Agency of Canada
Agence de la santé publique du Canada



Na-verify ng MedComm - isang
Outreach Club ng McGill Medical
Students' Society.



Gusto pa ng higit na impormasyon?

- ["Get a booster dose"](#) (April, 2022)
- ["COVID-19 Vaccine Boosters"](#) (April, 2022)



Content tungkol sa booster



Mga booster: Bakit ko ito kailangan?

Nagbibigay ng proteksyon ang mga bakuna laban sa mga seryosong anyo ng sakit, pero puwede itong humina sa paglipas ng panahon. Nakakatulong ang mga booster na mapanatili at mapatagal ang proteksyon laban sa malulubhang sintomas ng COVID-19

Mga booster: Bakit nila pinag-uusapan ang tungkol sa ika-4 na dosis? Kailan ito matatapos?

Patuloy pang nagbibigay ng malakas proteksyon ang mga bakuna laban sa mga seryosong anyo ng sakit, pero humihina ito sa paglipas ng panahon, lalo na't may mga lumalabas na bagong variant. Kaya naman puwedeng kailangan pa rin ng mga karagdagang booster, lalo na para sa nanganganib na populasyon, hal., mga matatanda.

Ano ang 'malulubhang sintomas' ng COVID-19?

Kasama sa malulubhang kaso ng COVID-19 ang malubhang pneumonia, pagpalya ng organo at posibleng kamatayan.

Nagkakaroon ng mga banayad na sintomas ng COVID-19 ang ilang tao. Pero marami ang hindi ganoon kaswerte. Kasama sa malulubhang sintomas ang:

- hirap sa paghinga o matinding pangangapos ng hininga
- hindi nawawalang pressure o bigat sa dibdib
- pagkalito
- hirap gumising o manatiling gising
- maputla, kulay abo o nangangasul na balat, mga labi o puno ng kuko.
- Kung mayroon ka ng ganitong mga sintomas, tumawag sa 911.

Hindi intensyon ng content na ito na maging pamalit para sa propesyonal na payo o pangangalaga. Palaging maghanap ng mga serbisyo ng isang medikal na propesyonal o iba pang kwalipikadong tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan para sa mga tanong na posibleng mayroon ka.



Gusto pa ng higit na impormasyon?

- ["Get a booster dose"](#) (April, 2022)
- ["COVID-19 Vaccine Boosters"](#) (April, 2022)